Ebanghelyo ayon kay Mateo 9 : 27 - 33

Sumunod kay Hesus ang dalawang lalaking bulag at sumisigaw:
“Anak ni David, mahabag kayo sa amin.”
Tinanong sila ni Hesus,
“Naniniwala ba kayo na magagawa ko ito?”
“Opo, Panginoon” sagot nila.
At hinipo ni Hesus ang kanilang mga mata, at sinabi: “mangyari sa inyo ang ayon sa inyong paniniwala.” At nakakita sila.
Pagkaalis nila, dinala kay Hesus ang isang piping inaalihan ng demonyo. Pinalayas ni Hesus ang demonyo at nakapagsalita ang pipi.